# Ang sinumang nagtaguyod ng dalawang batang babae hanggang sa nahustong gulang silang dalawa, darating sa Araw ng Pagbangon ako at siya." Nagdikit siya ng mga daliri niya.}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagtaguyod ng dalawang batang babae hanggang sa nahustong gulang silang dalawa, darating sa Araw ng Pagbangon ako at siya." Nagdikit siya ng mga daliri niya.}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nabiyayaan ng dalawang babaing anak o dalawang babaing kapatid saka nag-aruga siya sa kanilang dalawa sa pamamagitan ng pagtustos, pag-aalaga, pagpapanuto sa kabutihan, pagbibigay-babala laban sa kasamaan, at tulad niyon hanggang sa lumaki silang dalawa at nagdalaga, darating sa Araw ng Pagbangon siya at ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng dalawang ito. Ipinagdikit niya ang mga daliri niya: ang hintuturo at ang hinlalato.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee